

TUNGKOL SA STATE BAR OF CALIFORNIA

Ang State Bar, na ginawa ng Lehislatura ng Estado ng California noong 1927, ay ang administratibong sangay ng Korte Suprema ng California. Ang misyon nito ay pagsilbihan ang mga mamamayan ng California sa pamamagitan ng maingat na pangangasiwa sa legal na propesyon. Ang mga pangunahing tungkulin ng State Bar ay:

- Pagbibigay ng lisensya sa 250,000 abogado sa California
- Pamamahala sa propesyon at pagsasanay ng batas
- Pagpapatupad ng Rules of Professional Conduct (Mga Panuntunan ng Propesyonal na Gawi) at State Bar Act (Batas ng State Bar) para sa mga abogado
- Pagdidisiplina sa mga abogadong lumalabag sa mga panuntunan at batas
- Pagsasagawa ng California Bar Exam
- Pagsulong ng access sa hustisya
- Pagtataguyod ng pagkakaiba-iba at pagiging kabilang sa legal na sistema

Hindi maaaring kumatawan ang State Bar sa mga kliyente o i-refer sila sa isang partikular na abogado. Kung kailangan mo ng abogado, maaari kang ikonekta ng State Bar sa mapagkakatiwalaan mong mga tagapagkaloob ng legal na tulong o serbisyo para sa pag-refer ng abogado sa iyong komunidad.

I-follow ang State Bar:



www.calbar.ca.gov
866-44-CA-LAW

PARA SA LEGAL NA TULONG PAGKATAPOS NG SAKUNA

The State Bar of California
www.calbar.ca.gov
866-44-CA-LAW

Mga Serbisyo sa Pag-refer ng Abogado
www.calbar.ca.gov/lrs
866-44-CA-LAW (866-772-2529), Sa labas ng California: 415-538-2250
Email: LRS@calbar.ca.gov

Mga Reklamo: Maling Gawi ng Abogado o Hindi Awtorisadong Pagsasanay ng Batas
www.calbar.ca.gov/Complaints-Claims
800-843-9053, Sa labas ng California: 213-765-1200

Mga Legal na Serbisyo sa Sakuna sa California
www.disasterlegalservicesca.org
Nagbibigay ng libreng legal na tulong para sa mga nakaligtas sa mga sakuna sa California, at ng mga mapagkukunan para sa mga boluntaryo, na ibinibigay ng mga mapagkakatiwalaang hindi pangkalakal na tagapagkaloob ng legal tulong sa California.

LawHelpCA
www.lawhelpca.org
Hindi pangkalakal na organisasyon na nagbibigay ng direktoryo ng mga organisasyong nag-aalok ng libre o abot-kayang legal na tulong at representasyon sa California.

Pambansang Sentro ng Mapagkukunan ng Legal na Tulong sa Sakuna
www.disasterlegalaid.org
Nagbibigay ng sentralisadong pambansang mapagkukunan para sa legal na tulong, pro bono at mga abogadong tagapagtanggol sa naakusahan ng krimen sa mga legal na isyung nauugnay sa lahat ng uri ng sakuna.

PARA SA IBANG TULONG PAGKATAPOS NG SAKUNA

Pederal na Ahensiya sa Pangangasiwa ng Emergency (FEMA)
www.fema.gov
Maaari ka ring magrehistro online para sa tulong sa oras ng sakuna sa www.disasterassistance.gov
800-621-3362

Tanggapan ng Gobernador ng California para sa Mga Serbisyong Pang-emergency
www.caloes.ca.gov
Nagbibigay ng komprehensibong impormasyon tungkol sa pagiging handa sa sakuna pati na rin ng tungkol sa mga serbisyo sa pagbangon pagkatapos ng sakuna.

Kalihim ng California ng State Bar ng California
<https://www.sos.ca.gov/business-programs/business-entities/disaster-recovery/>
Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa pagbangon pagkatapos ng sakuna para sa mga negosyo.

Departamento ng Mga De-motor na Sasakyan sa California
www.dmv.ca.gov
Para sa pagpapalit ng mga driver license at card ng pagkakakilanlan.
800-777-0133

May-bisa ang impormasyon sa pamphlet na ito mula Oktubre 2019.

LEGAL NA TULONG PAGKATAPOS NG SAKUNA



The State Bar
of California

LEGAL NA TULONG PAGKATAPOS NG SAKUNA

Ang State Bar ay isang ahensya ng estado na nangangasiwa sa legal na propesyon sa California, kabilang ang pagbibigay ng lisensya sa mga abogado.

Kung isa kang biktima ng sakuna, makakatulong ang State Bar sa iyo para mabilis kang makahanap ng legal na payo at mga serbisyong kailangan mo. Maaaring kailangan mo ng tulong sa mga claim sa insurance, pang-emergency na pabahay, pag-apply sa pederal na tulong, pakikipagkasundo sa mga kontratista, pagpapalit ng mga will at ibang legal na dokumento, o iba pang isyu.

Anuman ang iyong sitwasyon, narito ang State Bar para tumulong.

Bagama't hindi maaaring kumatawan ang State Bar sa mga kliyente o i-refer ka sa isang partikular na abogado, makakapagbigay ang ahensya ng mapagkakatiwalaang impormasyong tungkol sa kung saan pupunta para sa mga legal na serbisyo pagkatapos ng sakuna. Kung kailangan mo ng abogado, maaari kang ikonekta ng State Bar sa sertipikadong serbisyo para sa pag-refer ng abogado sa iyong komunidad.

Maraming organisasyon sa California na nakatuon sa pagtulong sa mga tao pagkatapos ng sakuna, kasama iyong mga nag-aalok ng libre o murang legal na tulong. Marami sa mga grupong ito ang nag-aalok ng serbisyo sa iba't ibang wika. Maaaring matulungan ka ng mga organisasyong nakalista sa pamphlet na ito upang makahanap ng mga legal na serbisyong kailangan mo.



Naghahanap ng impormasyon tungkol sa mga legal na serbisyo sa iyong katutubong wika?
Tumawag sa State Bar sa 866-44-CA-LAW.

Available din ang pamphlet na ito sa wikang:

Spanish Español • Vietnamese Tiếng Việt
Korean 한국어 • Chinese 中文
• Russian Русский • Tagalog

LEGAL NA TULONG PAGKATAPOS NG SAKUNA

Kung ikaw ay nakaligtas mula sa isang sakuna sa California—gaya ng lindol, wildfire, o baha—maaaring kailangan mo ng legal na tulong.

➤ Anong uri ng legal na tulong ang mayroon?

Matutulungan ka ng State Bar na humanap ng abogado o organisasyon para sa legal na tulong sa iyong lugar na makakatulong sa iyo sa:

- Pagkuha ng mga benepisyo mula sa pamahalaan na nauugnay sa sakuna tulad ng disaster unemployment assistance (DUA, tulong kapag nawalan ng trabaho sa oras ng sakuna).
- Paghain ng mga claim para sa life insurance, medikal na insurance, o insurance sa pagmamay-ari.
- Mga kasunduan ng landlord at nangungupahan, kasama ang pagsingil ng mas mataas sa karaniwang presyo.
- Mga kontrata sa mga tagapagkaloob ng serbisyo, gaya ng mga kompanya ng konstruksyon.
- Mortgage at mga isyu sa pagremata (foreclosure).
- Kaligtasan ng manggagawa at mga isyu sa pagnanakaw ng sahod.

➤ Paano ako makakahanap ng abogado?

Maaari kang ikonekta ng State Bar sa isang sertipikadong serbisyo para sa pag-refer ng abogado,* mga organisasyon sa legal na tulong, at iba pang mapagkukunan. Mayroong mga libre at murang serbisyo sa buong estado, pati na rin mga serbisyo sa iba't ibang wika.

➤ Saan ako pupunta para palitan ang mga dokumento?

Maaaring magtagal ang pagpapalit mga dokumentong maaaring nawala mo sa isang sakuna. Iminumungkahi naming magsimula ka sa mga dokumento ng pagkakakilanlan, tulad ng driver's license o card ng pagkakakilanlan. Makakapagbigay ang California Department of Motor Vehicles* ng mga kapalit. Para sa mga ibang dokumento, nagbibigay ang State Bar* ng listahan ng mga ahensiya at impormasyon tungkol sa pagkuha ng mga kapalit para sa mga sertipikasyon ng kapanganakan, lisensiya ng kasal, at ibang dokumento.

Sa ilang sitwasyon, magtatayo ng mga Local Assistance Center (LAC, Sentro ng Tulong sa Lokal) para makapunta ang mga nakaligtas sa sakuna sa isang lokasyon para sa mga mapagkukunan, kasama ang pagpapalit ng mahahalagang dokumento. Para sa mga sakunang idineklara ng pederal na pamahalaan, ang mga LAC ay nagiging mga Disaster Recovery Center (DRC, Sentro sa Pagbangon mula sa Sakuna), bilang bahagi ng FEMA, para alukin ang mga serbisyong ito. Karaniwang available sa mga LAC at DRC ang Legal na Tulong, na isinasabay sa pamamagitan ng State Bar at American Bar Association kasama ang mga organisasyon sa legal na tulong.

➤ Paano naman ang tungkol sa pederal na tulong (FEMA)?

Makipag-ugnayan sa Federal Emergency Management Agency (FEMA)* sa lalong madaling panahon pagkatapos ng isang sakuna para maghain para sa tulong. Kung tinanggihan ang iyong kahilingan, maaaring kwalipikado kang maghain ng apela. Hindi mo kailangan ng abogado para mag-apply para sa mga benepisyo ng FEMA, ngunit maaari kang payuhan ng abogado o lokal na organisasyon sa legal na tulong tungkol sa mga benepisyo at apela.

➤ Paano naman ang tulong para sa aking negosyo?

Bumuo ang California Secretary of State ng pangkat para gawing mas mahusay at epektibo ang mga pagsisikap sa pagbangon para sa mga negosyong naapektuhan ng mga sakuna. Maaari ka ring payuhan ng abogadong pang-negosyo tungkol sa alinmang isyung nauugnay sa mga pagpapatakbo at pag-recover ng iyong negosyo.

➤ Paano ko maiiwasan ang panloloko?

Huwag maging biktima muli pagkatapos ng isang sakuna. Ipinagbabawal ang mga abogado at kanilang mga kinatawan na:

- Mag-alok ng mga serbisyo sa mga kliyente sa lugar ng sakuna o aksidente, sa ospital, o sa daan patungo sa ospital.
- Mag-alok ng mga serbisyo sa mga kliyenteng hindi makakagamit ng makatwirang pagpapasya dahil sa kanilang pisikal, emosyonal, o mental na kalagayan.
- Magpadala ng mga pag-aalok ng serbisyo sa pamamagitan ng sulat maliban kung may malinaw na label na nagsasaad na iyon ay isang advertisement.
- Mangako ng isang partikular na resulta mula sa legal na representasyon.



Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano maiiwasan ang panloloko, at kung paano mag-ulat ng panloloko o iba pang maling gawi ng abogado, makipag-ugnayan sa State Bar.

Tingnan ang likod para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga organisasyong ito.